タガログ語

Gabay para sa Child Care Benefit (JIDOU TEATE)

*Siguraduhing mag-apply sa parehong buwan kung kailan ipinanganak ang sanggol o kaya sa loob ng 15 araw mula ng isilang ang inyong anak.
Pakitandaan na maaaring hindi niyo matanggap ang bahagi ng benepisyo kapag hindi niyo ito kaagad nai-apply o kaya na-late kayo ng pagpasa ng aplikasyon.

[Mga nilalaman ng Child Care Benefit]



- **Kuwalipikasyon**
  Ang child care benefit ay ipinagkakaloob sa mga may anak na 18 taong gulang pababa ang edad o (hanggang sa unang Marso 31 mula ng mag 18 taong gulang ang bata).

- **Halaga ng Benepisyo**
  Halaga na ibinibigay sa bawat isang bata

	Una at ika-2 anak	Mula ika-3 at mga kasunod pang anak
Wala pang 3 taon	15,000 Yen	30,000 Yen
Mula 3 taon hanggang 18 taong gulang	10,000Yen	30,000 Yen

Sa mga mayroong tatlong anak mahigit, kung ang magulang pa rin ang magsusuporta sa pinansyal na gastusin ng anak na nasa koliheyo ang edad (edad pagkatapos ng fiscal year kung kailan nag 18, hanggang katapusan ng fiscal year kung kailan nag 22), ang pagbilang ng anak ay magsisimula sa nakakatanda (anak na nasa koliheyo) kung saan bibilangin bilang unang anak, ika-2 anak, ika-3 anak at mga sumunod pang anak.
Kahit hiwalay na ng tirahan ang nakakatandang anak, kasama pa rin sila sa bilang kung sinusustentuhan pa rin ng magulang.
Kung mayroon kayong anak na nasa koliheyo ang edad, kailangan niyong ipasa ang form ng “Kango souto seikihi futan no kakuninsho” o confirmation form para sa custody at living expenses para matanggap niyo ang dadag na bayad sa child care benefit mula sa ika-3 niyong anak.

- **Buwan kung kailan ibinibigay ang benepisyo**
  Bilang patakaran, ibibigay ang benepisyo kada ika-7 ng Disyembre, Pebrero, Abril, Hunyo, Agosto at Oktubre. (Ang benepisyo na ibinibigay sa mga nabanggit na buwan ay para sa mga nakaraang buwan bago ang buwan ng pagbibigay ng benepisyo.)

[Buwan kung kailan magsisimulang makatanggap ng benepisyo]

Matatanggap niyo ang benepisyo simula sa susunod na buwan pagkatapos niyong magpasa ng aplikasyon.

→ Kung katapusan na ng buwan isinilang ang inyong anak o katapusan na kayo lumipat ng Tsu at hindi na kayo nakapag-apply sa parehong buwan, kailangan niyo lamang i-apply sa loob ng 15 araw mula sa araw ng kapanganakan ng inyong anak o mula ng kayo ay lumipat sa Tsu upang matanggap niyo pa rin ang benepisyo simula sa susunod na buwan ng kapanganakan ng inyong anak o mula sa sunod na buwan ng inyong paglipat.

<Kailangan niyong magbigay abiso kapag may mga sitwasyong tulad ng sumusunod >

- Kapag nag-moving-out sa Tsu City ang tumatanggap ng benepisyo.
- Kapag nagkaroon kayo ng bagong anak.
- Kapag hindi na kayo ang nagpapalaki sa bata.
- Kapag nagbago ang pangunahing kumikita sa inyong sambahayan dahil sa pagpapakasal o iba pa.
- Kapag kayo ay naging empleyado ng gobyerno.
- Kapag magkahiwalay na naninirahan ang anak at tumatanggap ng benepisyo (pansamantalang na destino sa malayo, diborsyo na, o ipinasok ang bata sa isang child care facility atbp.)
- Kapag pumanaw ang bata o ang tumatanggap ng benepisyo.

Tsu City Child Policy Division Telepono: 059-229-3155